



**SERBISYONG PAGBIBIGAY NG SANITARY PERMIT PARA SA MGA ESTABLISHMENTONG KOMERSYAL
(SECURING SANITARY PERMIT FOR BUSINESS ESTABLISHMENTS)**

TUNGKOL SA SERBISYO

- Para kanino at ano ang serbisyo?
 - Ang lahat ng establishmentong komersiyal sa Quezon, Quezon ay kinakailangang magkaroon ng Sanitary Permit para makumpleto ang mga requirement bago mabigyan ng Business Permit. Ginagawa ito upang matiyak na ang establishmento/negosyo ay tumatakbo ng naayon sa Sanitation Code(PD 856) ng Pilipinas at iba pang mga local na ordinansang pangkalusugan.
- May bayad ang serbisyon ito ayon sa Municipal Tax Code. Babayaran ito sa Tanggapan ng Pambayang Ingat-Yaman
- Requirements:
 - Application Form for Business License/Mayor's Permit
 - Locational Clearance
 - Laboratory Results para sa:
 - Food Handlers/Establishmentong nagbebenta ng pagkain at inumin (lahat ng tauhan na direktang humahawak/naghahanda ng pagkain)
 - Chest X-ray
 - Stool Exam
 - Videoke Girls (mga kababaihang nagtratabaho sa mga bahay aliwan/videoke bar)
 - Chest X-ray
 - Vaginal Smear (tuwing 2 linggo)
 - VDRL/RPR
 - HbSAg (Hepatitis B Surface Antigen)
- Schedule ng Serbisyo:
 - RHU Main
 - Tuwing Enero hanggang Marso (1st quarter) ng bawat taon; Lunes hanggang Biyernes; 8:00am-5:00pm

KABUUNANG ORAS NA GUGUGULIN PARA SA SERBISYO: 25 minuto (para sa

MGA HAKBANG NA SUSUNDIN	ORAS SA BAWAT HAKBANG	TAONG NAMAMAHALA
<p>Site Inspection (Para sa mga Dati nang Establishmento): Kasama ang Municipal Joint Inspection Team, iikutan na ng mga sanidad ang mga dati nang establishmento tuwing Disyembre upang ma-inspeksyon ang mga ito bago ang renewal period para sa business permit sa susunod na taon.</p> <p>Site Inspection (Para sa Bagong Establishmento): Kasama ang Municipal Joint Inspection Team, mag-iinspeksyon sa plano pa lamang na itatayong establishmento, lugar na pagtatayuan at habang ito'y itinatayo.</p>	<p>Di bababa sa 20 minuto</p>	<p>Mercedita Alibarbar, RN Rural Sanitary Inspector</p>

<p>Application: Ang may-ari ng etsabishmentong komersiyal ay kukuha ng mga dokumentong kailangan para sa business permit mula sa tanggapan ng Pambayang Ingat-yaman</p> <p>Matapos mapunuan ng kailangang datos ang mga dokumento, ipapasa ito sa Sanidad para masuri kung wasto at kumpleto.</p>	<p>7 minuto</p>	
<p>Review and Assessment of Documents: Irereview ng Sanidad ang mga dokumento. Aalamin ang dami ng mga tauhan na nangangailangan ng mga laboratory request, atbp para malaman kung ilang health certificate ang kakailanganin at magkano ang babayaran.</p>	<p>3 minuto</p>	
<p>Processing: Matapos masuri ang mga dokumento, sisimulan na ng Sanidad ang pagproseso sa mga ito; mag-issue ng mga pormas ng Sanitary Permit at Health Certificate.</p>	<p>5 minuto</p>	
<p>Pagbabayad para sa Sanitary Permit at Health Certificate: Pumunta sa Tanggapan ng Pambayang Ingat-yaman upang magbayad.</p>	<p>3 minuto</p>	<p>Julia Ursua Municipal Treasurer</p>
<p>Approval: Matapos makumpleto ang pagproseso at pagbabayad, ibabalik sa Sanidad ang mga dokumento upang maipasa ito sa MHO para sa pirma.</p>	<p>2 minuto</p>	<p>Jeremiah Carlo V. Alejo,MD,MCD Municipal Health Officer</p>